

Pagbabangko ng Simbahan

“1 Tayo ngang malalakas ay nararapat mangagbata ng kahinaan ng mahihina, at huwag tayong mangagbigay lugod sa ating sarili. 2 Bawa't isa sa atin ay magbigay lugod sa kaniyang kapuwa, sa kaniyang ikabubuti sa ikatitibay.” (Roma 15:1-2 KJV)

Ang Banal na Espiritu ay palaging magbibigay sa simbahan ng mga tiyak na kaloob at ministryo na makakatulong sa simbahan at sa mga miyembro nito upang sila ay lumago sa tamang paraan, maging ganap at maging perpekto.

Sa mga taon ng ministryo at sa paglilingkod sa mga taong mababa ang kita at may iba't ibang pangangailangang pinansyal, at nahaharap sa iba't ibang tukso, ginabayan ako ng Panginoon upang simulan ang isang ministryo na makakatulong sa mga taong ipinagkatiwala sa akin ng Dios. Tinulungan ako ng Panginoon na tulungan ang mga kapatid sa pamamagitan ng pagpapakilala sa kanila ng pagtuturo ng pag-iipon at pagtulong sa kanila na magtabi ng isang tiyak na halaga ng pera buwan-buwan. Nagsimula akong gawin ito ilang taon na ang nakalipas.

Sinimulan ko ang ministryong ito sa mga sumusunod na hakbang:

I. “19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.” (Mateo 28:19-20 KJV) Sinimulan kong magturo sa mga bagong mananampalataya sa aking simbahan bilang bahagi ng pagdidisipulo at bilang paghahanda sa kanila na mamuhay para sa Dios at paglingkuran Siya, tungkol sa pananalapi kasama ang iba pang mga aral. **Para sa mga bagong disipulo, ginagamit namin ang acronym na ‘SPEND’ para turuan ang tungkol sa pananalapi:**

S: Mag-ipon nang kaya mo.

P: Bayaran ang iyong ikapu at handog.

E: Magtipid sa sarili.

N: Huwag kailanman mangutang. Bayaran ang iyong utang.

D: Disiplinahin ang sarili.

II. “20 At ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin.” (Exodo 18:20 KJV) Karaniwan, may pagpupulong ako ng pagpapayo sa lahat ng aking mga disipulo lalo na sa mga bago upang makilala ang kanilang personal na buhay at lalo na ang kanilang mga problema at pakikibaka. Kapag natuklasan ko ang isang problema sa pananalapi, tinutulungan ko sila ng isang paraab upang maitama ang sitwasyon at malutasan ang problema. Nagbibigay din ako ng mga tagubilin at gawain upang patuloy silang umusad patungo sa paglutas ng kanilang mga problema sa pananalapi at upang mapanatili ang mga kapatid na apektado nang ligtas.

III. “34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan.” (Genesis 41:34 KJV) Nang dumating ang panahon para ipatupad ang pagtuturo ng pag-iipon, napansin ko na marami ang hindi makapag-ipon dahil mahina sila sa harap ng tukso; karamihan sa kanila sa katapusan ng buwan ay wala nang naiwang ipon. Ang ilan sa kanila ay mapapanatili ang kanilang naiipon sa loob ng ilang buwan, pero sa huli ay mawawala rin ang kanilang naiipon sa harap ng unang pagsubok o tukso.

Nang magmuni-muni ako sa **Genesis 41:34**, natuklasan ko ang Salitang ito ng Dios: ***“maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan.”*** Naisip ko na kailangan kong maging tagapamahala ng mga taong ito at pangalagaan ang kanilang pera para matulungan silang makapag-ipon. Nagpasya akong gawin ito dahil hindi nila magagawa ito sa kanilang sarili.

Sa una, hindi ako masyadong handang gawin iyon dahil baka isipin ng maraming tao na may masamang motibo ako o baka isipin nila na kukunin ko ang pera nila. Pero nang makita ko ang **Genesis 41:34**, nagpasya ako na puwede akong maging isang makakatulong na tagapamahala at lingkod sa bayan ng Dios na hindi alam kung paano iipunin ang ipinagkatiwala sa kanila ng Dios at hindi na ako lumingon pa. Dahil dito, nauupo ako sa bawat disipulo at ginagawa namin nang magkasama ang buwanang budget; hinahati ang sahod sa ikapu, tirahan, pagkain, transportasyon, komunikasyon, groceries, pangangalaga sa pamilya, pocket money, at iba pang bagay. Sa huli, ipinapakita ng budgeting kung magkano ang natirang pera at iyon ang magiging ipon. Ang ipon na ito ay aming kinokolekta, iniingat, at itinatala sa kaban ng simbahan. Sa mga unang taon, marami ang nakapag-

ipon ng malaking halaga ng pera. Ngunit sa pagtatapos ng mga unang taon, nagsimulang magkaroon ng pagtutol sa ministryong ito mula sa ilang tao na nagdudulot ng pagdududa sa mga nag-iingat ng kanilang ipon sa simbahan. Unti-unti, kinukuha ng mga tao ang kanilang naipon sa maling katiyakan na sila mismo ang mag-iingat ng kanilang pera. Pagkalipas ng ilang panahon, sa pamamagitan ng pagsubaybay sa kanila, napag-alaman ko na halos lahat sa kanila ay naubos ang kanilang ipon sa paggastos sa mga hindi kailangang bagay. Ang nangyari noon ang nag-udyok sa akin na tulungan ang mahihinang kapatid sa pamamagitan ng pag-iingat ng kanilang ipon sa ating kaban ng simbahan kasama ang talaan ng kanilang pamimigay.

Kaya sinimulan kong muli itong gawin, at sa pagkakataong ito ay tinulungan ako ng Panginoon. Salamat sa paglago, mas marami ang pagbabago kaysa dati sa ekonomiya ng bansa. Kaya mas kailangan ang paksang pag-iipon at ang ginagawa ko ay naging praktikal at makatotohanan na sa paglipas ng panahon ay nakita ng mga kapatid ang pag-ibig at pangangalaga ng Dios sa kanila. Ang gawaing ito sa ministeryo ay umuunlad at lumalaki. Marami sa mga kapatid na mababa ang kita at nagtatrabaho sa ilalim ng araw sa mabigat na gawain ay nakapag-ipon ng magandang halaga. Nakakatulong ito sa kanila upang makita na ang kanilang pagsunod sa Salita ng Dios ay nagdudulot ng malaking kaunlaran sa kanilang buhay. Pinayuhan ko ang ilan sa kanila na magbukas ng sarili nilang personal na bank account at inilagay ang kanilang naiipon mula sa kaban ng simbahan sa kanilang sariling bank account at inilagay ang pera sa deposito na may kaunting interes.

Yaong mga naglalagay ng kanilang ipon sa simbahan kadalasan inilalagay nila ang kanilang ipon sa parehong sobre kung saan nila inilalagay ang kanilang ikapu, unang bunga, at mga handog, at kanilang itinataala ang halaga ng ipon. Kapag ang mga sobre na may ipon ay dumating sa kaban, kukunin muna ang ikapu, unang bunga, at mga handog mula sa mga sobre. Pagkatapos ay paghihiwalayin ang iba't ibang handog ng mga tao. Tanging ang ipon na lang ang maiiwan sa parehong sobre kasama ang kanilang pangalan at halaga na itatala at itatabi sa kaban na pinagsama sa mga naunang sobre na nakolekta mula sa parehong tao sa mga nakaraang buwan. Pero kalaunan, nang nagsimulang tumanggap ng pera sa online ang simbahan, kapag may pera na natanggap mula sa isang kapatid na lalaki o babae, idaragdag ang halagang ipinon sa kanilang naunang ipon. Kapag dumating na ang oras para kunin ng kapatid na lalaki o babae ang kanyang ipon mula sa kaban ng simbahan para ilagay sa bangko, kukunin niya ang kaniyang pera, parehong perang papel mula sa parehong sobre na dala niya papunta sa simbahan. Pero kung natanggap ang pera sa online, matatanggap niya ang kanyang pera sa kahit anong tandan a magagamit.

Pagkatapos nilang ideposito ang kanilang naiipon sa kanilang bank account bilang time deposits, may ilan pa rin sa kanila na hindi pa ganap na matatag ang nais na ipagpatuloy ang pag-iipon sa church banking. Bawat taon, ang kanilang nakolekta ay ibibigay sa kanila upang idagdag sa kanilang fixed time deposits sa kanilang mga bangko at magbibigay ito sa amin ng resibo ng kanilang mga transaksyon upang maaari pa rin naming sundan at suriin ang estado ng kanilang pananalapi.

Ipinapakita sa ibaba ang mga detalye na nakasulat sa mga sobre na ginagamit namin sa aming mga kongregasyon:

Name: _____	Date: _____
Tithes: _____	Firstfruits: _____
Alms: _____	Missions: _____
Offerings: _____	Savings: _____
Malachi 3:7-12	Proverbs 3:9-10

Napatunayan nang matagumpay ang ganitong uri ng pagbabanko ng simbahan. Maaari itong sundan sa bawat simbahan upang matulungan ang mga taong walang gana mag-ipon. Walang binanggit sa Banal na Kasulatan tungkol sa bankong simbahan ngunit maaaring gabayan tayo ng Salita ng Dios at makalikha ang Banal na Espiritu ng anumang ministeryo na kinakailangan sa buhay ng Simbahan ng Dios upang matulungan ang bayan ng Dios na malampasan ang mga pagsubok at lumago at maging ganap.

Ang makasaysayang aklat ng Ikalawang Maccabeus ay nagsasalaysay tungkol sa isang insidente kung saan binanggit na nais ng pamahalaang Gentil na makuha ang perang diniposit sa templo ng Dios ng mga tao. Maaari

natin itong basahin sa ibaba: (paki-tandaan, hindi ako naniniwala na bahagi ang aklat na ito ng Bibliya bagama't inaakas ko ito bilang magandang sanggunian sa kasaysayan ng mga Judio noong Mga Taon ng Payapa.)

“1 Noong si Onias ang Pinakapunong Pari sa Jerusalem, naghari sa banal na lunsod ang ganap na katahimikan, at ang mga utos ng Diyos ay matapat na sinunod ng mga tao. Ito'y sa dahilang si Onias ay isang taong mahigpit na kalaban ng kasamaan.² Kahit ang mga hari ng Siria at Egipto ay gumalang sa Templo, at bilang pagpaparangal ay nagpadala sila roon ng mahahalagang kaloob.³ Sa katunayan, si Seleuco na hari ng buong Asia ang nagbibigay ng lahat ng panustos ng Templo sa pagsamba at paghahandog sa Dios. Kinukuha niya ito sa mga nalilikom niyang buwis. 4 Ngunit ang ganitong kalagayan ay hindi nagtagal. Isang nagngangalang Simon, mula sa lipi ni Benjamin,^[a] ang nakaaway ng Pinakapunong Pari. Si Simon, na siyang tagapamahala sa Templo, at si Onias, na Pinakapunong Pari, ay hindi nagkaunawaan tungkol sa patakaran sa pamilihang bayan. 5 Alam ni Simon na hindi siya mananalo kay Onias, kaya't nagpunta siya kay Apolonio na anak ni Tarseo at gobernador noon sa Celesiria at Fenicia. 6 Nagsumbong si Simon kay Apolonio tungkol sa napakalaking kayamanang nasa Jerusalem. Ang kayamanan at salapi roon ay hindi mabibilang. Ayon sa kanya, labis-labis iyon sa kinakailangan para sa paghahain, kaya't maaaring angkinin ng hari. 7 Pagkarinig ni Apolonio sa ulat ni Simon, kaagad siyang nakipagkita sa hari at ibinalita ang tungkol sa kayamanang iyon. Isinugo agad ng hari ang kanyang punong tagapagpaganap na si Heliodoro at inutusang samsamin ang kayamanang iyon. 8 Umalis si Heliodoro ngunit hindi nagpahalata ng tunay niyang pakay sa pag-alis. Ang ginawa niyang dahilan ay ang pagdalaw sa mga lunsod ng Celesiria at Fenicia. 9 Dumating siya sa Jerusalem at doon ay malugod na pinatuloy ng Pinakapunong Pari. Tinanong ni Heliodoro kung totoo ang balitang tinanggap ng hari tungkol sa kayamanang nasa Templo. 10 Ipinaliwanag naman ni Onias na ang labis na salapi roon ay halagang nakalaan para sa mga biyuda at mga ulila. 11 Kasama rin sa salaping naroon ang kayamanan ni Hircano na anak ni Tobias na may mataas na katungkulan. Sinabi niya na ang ulat ng sinungaling na si Simon ay hindi totoo, sapagkat ang kabuuan lamang ng salaping nasa kaban ay 14,000 kilong pilak at 7,000 kilong ginto. 12 Sinabi pa niyang ni sa isipa'y di dapat pagsamantalahan ang mga taong naglagak ng pagtitiwala sa banal na pook at sa di mapag-aalinlanganang kabanalan ng Templong tanyag sa buong daigdig. 13 Subalit ipinasya ni Heliodoro na samsamin ang salapi para sa hari, gaya ng utos nito. 14 Kaya't nang araw na itinakda, pumasok siya sa templo upang bilangin ang salaping naroon. Sa ginawa niyang ito'y naligalig ang lahat sa buong lunsod. 15 Nagpatirapa ang mga pari sa harap ng altar at malakas na nanalangin sa Diyos na loobin nawang huwag magalaw ang salaping inilagak ng mga tao sa kabang-yaman ng Templo.” {2 Macabeo 3:1-15}

Gumamit din kami ng serbisyo ng banko ng simbahan para sa isa pang dahilan. Napansin namin na ang ilang mga kapatid namin na may mga utang sa mga bangko ay nagbabayad ng sobrang taas na interes. Pinahiram namin sa kanila mula sa koleksyon ng limos sa kaban ng simbahan para mabayaran nila ang kanilang utang nang hindi naiipit sa mataas na interes. Pagkatapos, binayaran nila ang simbahan sa loob ng ilang panahon, puro kapital lang, walang interes. Ang serbisyong ito ay para lang sa aming tapat na mga kapatid at hindi para sa mga hindi kasapi.

Napukaw kaming gawin iyon mula sa aklat ni Nehemias, isang patakarang reporma na kanyang ipinatupad para alisin ang paghihirap ng mga taong nagbabayad ng mataas na interes sa kanilang mga utang.

“1 Nang magkagayo'y umalingawngaw ang malakas na daing ng bayan at ng kanilang mga asawa laban sa kanilang mga kapatid na mga Judio, 2 Sapagka't may nagsisipagsabi, Kami, ang aming mga anak na lalake at babae ay marami: tulutan kaming magsikuha ng trigo, upang aming makain at mabuhay kami. 3 May nagsisipagsabi naman: Aming isinasangla ang aming mga bukid at ang aming mga ubasan, at ang aming mga bahay: tulutan kaming magsikuha ng trigo, dahil sa kasalatan. 4 May nagsisipagsabi naman: Aming ipinangutang ng salapi ang buwis sa hari na hinihingi sa aming mga bukid at aming mga ubasan. 5 Gayon ma'y ang aming laman ngayon ay gaya ng laman ng aming mga kapatid, ang aming mga anak ay gaya ng kanilang mga anak: at, narito, aming dinadala sa pagkaalipin ang aming mga anak na lalake at babae upang maging mga alipin, at ang iba sa aming mga anak na babae ay nangadala sa pagkaalipin: wala man lamang kaming kapangyarihang makatulong; sapagka't ibang mga tao ang nagtatangkilik ng aming bukid at ng aming mga ubasan. 6 At ako'y nagalit na mainam, nang aking marinig ang kanilang daing at ang mga salitang ito. 7 Nang magkagayo'y sumangguni ako sa aking sarili, at nakipagtalo ako sa mga mahal na tao at sa mga pinuno, at nagsabi sa kanila, Kayo'y nangagpapatubo, bawa't isa sa kaniyang kapatid. At ako'y nagdaos ng malaking kapulungan laban sa kanila. 8 At sinabi ko sa kanila, Kami ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga kapatid na mga Judio, na mga naipagbili sa mga bansa; at inyo ba ring ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y maipagbibili sa amin? Nang magkagayo'y nagsitahimik sila, at hindi nakasumpong kailan man ng salita. 9 Sinabi ko rin, Ang bagay na inyong ginagawa ay hindi mabuti: hindi ba kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios, dahil sa pagdusta ng mga bansa, na ating mga kaaway? 10 At ako'y gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga lingkod ay nangutang sa kanila ng salapi at trigo. Isinasamo ko sa inyo na ating iwan ang patubong ito. 11 Isinasamo ko sa inyo, na isauli ninyo sa kanila, sa araw ding ito, ang kanilang mga bukid, at ang kanilang mga ubasan, ang kanilang mga olibohan, at ang kanilang mga bahay, gayon din ang ikasangdaang bahagi ng salapi, at ng trigo, ng alak, at

ng langis, na inyong hinihingi sa kanila. 12 Nang magkagayo'y sinabi nila, Aming isasauli, at wala kaming hihilingin sa kanila; gayon namin gagawin, gaya ng iyong sinasabi. Nang magkagayo'y tinawag ko ang mga saserdote at pinanumpa ko sila, na sila'y magsisigawa ng ayon sa pangakong ito. 13 Ipinagpag ko naman ang aking laylayan, at ako'y nagsabi, Ganito ipagpag ng Dios ang bawa't tao mula sa kaniyang bahay, at mula sa kaniyang gawain, na hindi tumupad ng pangakong ito; sa makatuwid baga'y ganito ipagpag siya, at mahungkag. At ang buong kapisanan ay nagsabi, Siya nawa, at pumuri sa Panginoon. At ginawa ng bayan ayon sa pangakong ito.” (Nehemias 5:1-13 KJV)

Ang layunin para sa pagbibigay ng pautang sa mga kapatiran na nasa pagkakautang ay ayon sa Kasulatang ito: **“8 At sinabi ko sa kanila, Kami ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga kapatid na mga Judio, na mga naipagbili sa mga bansa; at inyo ba ring ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y maipagbibili sa amin? Nang magkagayo'y nagsitahimik sila, at hindi nakasumpong kailan man ng salita.” (Nehemias 5:8 KJV)** Kaya't inihayag ni Nehemias na tutubusin nila ang kanilang mga kapatid mula sa pagkaalipin sa pangungutang sa mga hindi mananampalataya. Nagpapahiram si Nehemias at ang kanyang mga kapatid ng pera nang walang interes. **“10 At ako'y gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga lingkod ay nangutang sa kanila ng salapi at trigo. Isinasamo ko sa inyo na ating iwan ang patubong ito.” (Nehemias 5:10 KJV)**

Kapag kinakailangan na tulungan ang isang kapatid o isang pamilya na may utang, kadalasan ang kapulungan ng simbahan ang nagtitipon, pinag-aaralan ang kaso, at nagdedesisyon. Sa pahinyulot ng kapulungan ng simbahan, nagbibigay ng pautang upang bayaran ang kapital kasama ang interes upang mapalaya ang kapatid mula sa pagkaalipin ng patubo.

Sa pagbibigay ng pautang, hindi namin ginagamit ang anumang pera na nai-deposito ng mga kapatid bilang ipon, kundi ginagamit namin ang perang inilaan para sa limos. Naglaan kami ng limang porsyento ng lahat ng perang nakolekta para sa limos, at bahagi ng perang iyon ang ginagamit para magbigay ng pautang sa mga nasa mahirap na kalagayang pinansyal.

Sa aking Mahal at Minamahal: Pag-isipan natin ang mensahe at ang kabutihan ng Dios sa ating buhay kung paano Niya pinasimulan ang mga ministeryo upang tulungan at pagbutihin ang Kanyang bayan. Ipagkaloob natin ang ating sarili sa mga tuntuning natutunan natin sa mensaheng ito at ilapat ang mga ito sa ating buhay upang matulungan ang ating sarili at ang iba. **Manalangin tayo ...**

Ang aking Panalangin: Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong pagtuturo tungkol sa pagbabangko ng simbahan, ang ministeryo na ginawa mo sa iyong simbahaan upang tulungan ang iyong mga tao na makapag-ipon at makapagbigay ng tulong sa mga nasa ilalim ng mga pautang na may interes. Panginoon, salamat sa lahat ng mga biyayang natanggap namin mula sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng mga pagtutuwid at mga pangaral na natanggap namin sa mensaheng ito.

Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong kasalanan. Talikdan ang iyong kayabangan, pagiging makasarili, at ang hindi mo pagnanais na magpakumbaba at tanggapin ang aral tungkol sa kaligtasan at pagtanggì sa tulong ng simbahan upang turuan kang maligtas. Magsisi sa pagkakaroon ng utang na may interes. Magsisi sa iyong maling paggamit ng yaman at sa iyong hindi pagnanais na tumulong sa mga nangangailangan. Magsisi sa kakulangan mo sa pagbabasa ng Bibliya at sa kakulangan mo sa panalangin. Magsisi sa hindi mo pagnanais na magdusa para kay Cristo at maglingkod sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako at tinatanggihan ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na sumunod sa turo ng iyong Salita at maging handang mag-ipon at tumulong sa iba na nangangailangan. Panginoon, bigyan mo ako ng pagpipigil sa sarili upang makontrol ko ang aking paggastos nang sa gayon ay makapagsimulang mag-ipon at tuparin ang iyong kalooban. Panginoon, patuloy mong tugunan ang aking mga pangangailangan upang maipagpatuloy ko ang paglilingkod sa iyo.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang sumunod sa iyong Salita at mamuhay ayon sa paraan ng pamumuhay na gusto mong kanilang sundin, mag-budget nang maayos, magkaroon ng pagpipigil sa sarili upang maiipon ng ika-lima ng kanilang kita, at pagsilbihan ka at tuparin ang iyong kalooban sa kanilang buhay. Panginoon, gantimpalaan mo sila habang sila ay sumusunod sa iyo at gamitin ang kanilang buhay bilang magandang halimbawa sa iba na sumunod sa iyo.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan kaming ipagpatuloy ang pagtuturo at pagpapayo sa iyong mga tao tungkol sa kahalagahan ng pag-iipon at tulungan silang maisakatuparan ito sa kanilang buhay. Panginoon, pagpalain mo ang ministeryo sa bangko ng simbahan at gamitin ito upang tulungan ang iyong mga tao na makapag-ipon at mailigtas mula sa mga pautang na may interes. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga Espiritwal na kaloob na kailangan

namin sa aming buhay para ipagpatuloy ang ebanghelisasyon, gumawa ng bagong alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, danalangin namin na mas marami pang tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng Bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagbabalik upang makasama ka kapag dumating ka. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com